# Settlement Cove Lagoon

**Pansamantalang Pagsasara**

Buong paggalang na inaabisuhan namin kayo na ang pangunahing palanguyan sa Settlement Lagoon ay bukas na sa publiko. Gayunpaman, ang palanguyan ng mga sanggol ay mananatiling sarado. Humihingi ng paumanhin ang Konseho sa anumang abalang maaaring idulot nito.

Ikaw ba ay naghahanap ng kasayahan at libreng pamamasyal ng pamilya? Bisitahin ang Settlement Cove Lagoon sa Redcliffe. Ang lawang (lagoon) ito na may temang tropiko ay isang pampublikong palanguyang makikita sa Redcliff Peninsula. Ang lagoon ay napapaligiran ng mga puno, palanguyang para sa mga bata at lokal na lugar ay popular para sa mga pamilya kapag tag-araw.

Maaaring masiyahan ang mga bata sa bahagyang may lilim na palanguyang pambata na may mga kapanapanabik na fountain ng kabute at tuko. Mayroon ding isang palaruang may mga duyan (swing) at kalapit na isang padulasan (slide) kung gusto ng mga batang manatiling tuyo.

Kung nais mong maglakad, maaari kang maglakad sa tabi ng dagat patungo sa Redcliffe Jetty. Huwag ding kalimutang dalhin ang inyong mga bisikleta, ang mga daanan ng mga bisikleta ay naka-konekta sa jetty at Southern Redcliffe Point.

Para sa mainit na tanghalian, gamitin ang mga may silungang pasilidad na barbecue at pang-piknik o tumungo sa Redcliffe kung saan mo makikita ang hanay ng mga kapihan at restoran.

May kasalukuyang konstruksyon sa Redcliffe Parade na naglilimita sa bilang ng mga carpark na magagamit. Mayroong car park pagkaraan ng roundabout sa interseksyon ng Redcliffe Parade at Anzac Avenue, malapit sa Redcliffe Peninsula Surf Life Saving Club.

Magsagawa ng isang virtual tour

## Mga pasilidad na pantubig (aquatic)

### Pangunahing lagoon

Ang lagoon ay isang maalat na tubig na may chlorine. Ito ay 95 metro sa haba at may lalim na hanggang 1.8 metro.

### Ang palanguyang pambata

Ang bahagyang nilililiman at nababakurang palanguyan ay mayroong mga kapanapanabik na tampok panubig. Ito ay maalat na tubig na may chlorine at may saklaw na lalim hanggang 0.3 metro.

## Mga Lifeguard na naka-duty

Ang mga lifeguard ay hindi mga babysitter. Ang mga magulang, tagapagbantay at mga tagapag-alaga ay mayroong mahalagang papel sa pangangasiwa ng mga bata at taong nasa kanilang pangangalaga kapag bumibisita sa Settlement Cove Lagoon. Iwasan ang mga mobile phone at ibang pang-abala na makakaabala ng pangangasiwa.

- Mga 0-5 taong gulang at hindi nakalalangoy: isang responsableng adulto na higit sa 18 taong gulang ang dapat na nasa palanguyan at nangangasiwa sa lahat ng oras at abot-kamay.
- Mga 6-10 taong gulang at mahinang lumangoy: : isang responsableng adulto na higit sa 18 taong gulang ang dapat na malapit, preparado at makapananatili ng patuloy na pakikipag-ugnayan sa paningin.
- Mga 11-14 taong gulang: isang responsableng adulto na higit sa 18 taong gulang ang dapat makapananatili ng patuloy na pakikipag-ugnayan sa paningin.

**Maaaring magbago ang mga oras ng lifeguard dahil sa mga pangangailangang operasyonal o mga pagbabago ng patauhan (staffing). Ang pisikal na karatula ay siyang laging pangwakas na katayuan ng awtoridad sa tungkulin. Hanapin ang Berdeng karatulang 'Lifeguard on Duty' upang masiguro ang ligtas na paglangoy.**

## Aksesibilidad

- Mayroong accessible na daanan mula sa itinalagang accessible na lugar paradahan malapit sa Redcliffe Peninsula Surf Life Saving Club patungo sa Settlement Cove Lagoon.
- Mayroong isang unisex accessible toilet
- Mayroong dalawang rampa papunta sa tubig ang pangunahing lagoon at mayroon ding water wheelchair. Ang maksimum na bigat nito ay 200 kilogram. Tanungin ang nasa tungkuling mga lifeguard para tulungan kayo.

## Mga Pag-book at malakihang mga grupo

Ang Settlement Cove Lagoon ay isang libre, pampublikong pasilidad at hindi makakapag-book nito.

Para sa malalaking mga grupo, hindi magagarantyahan ng Konseho kung gaano karaming mga bisita ang gagamit sa anumang oras. Kahit na mayroong mga nasa tungkuling lifeguard sa mga oras na naka-anunsyo, ang kaligtasan at pangangasiwa ng mga kalahok ng malalaking grupo ay mananatiling tungkulin ng organisador ng grupo sa huli.

Habang hindi kailangan ang pagsang-ayon para sa isang maliit na grupo, ang mga malalaking grupo ay kailangang mag-abiso sa Konseho nang hindi bababa sa dalawang linggo bago ang pagdalo.

## Mga kondisyon ng paggamit

- Ang lugar ay nasa ilalim ng 24 na oras ng CCTV surveillance
- Bawal sumisid o tumalon sa tubig.
- Bawal ang manigarilyo, mag-vaping o mga e-cigarette.
- Bawal ang mapang-abuso, mapanggulo, o nakakagalit na asal at wika.
- Bawal ang pagkonsumo ng alkohol.
- Bawal ang salamin, pag-iiskating, mga scooter o e-scooter.
- Bawal ang mga inflatable sa palanguyan (maliban sa maliliit na inflatable ring at naisusuot na floaties gamit ng mga bata).
- Bawal ang mga remote-controlled na sasakyang-dagat sa tubig.
- Bawal ang mga LPG gas cylinder.
- Bawal ang mga anumang tipo ng portable barbecue, halimbawa ang gas, charcoal, o butane, ay hindi pinapayagan.
- Bawal ang mga aso sa lugar ng lagoon. Ang mga sertipikadong pang-serbisyong mga hayop ay maaaring gumala sa lahat ng lugar, maliban sa katubigan.
- Ang mga asong may tali ay pinahihintulutan sa mga landas na malalakad sa baybayin.
- Dapat maging mapagbantay ang mga magulang, katiwala, at tagapag-alaga sa lahat ng oras.
- Sundin ang mga instruksyon ng lifeguard sa lahat ng oras.

# Settlement Cove Lagoon

## Lugar

Redcliffe Parade, Redcliffe 4020. Tingnan ang mapa

Galeriya ng larawan (Photo Gallery)

Naaangkop sa:

Group Fitness at Sayaw

## Snapshot ng lugar

Mga tampok

- Accessible access
- Accessible na paradahan
- Accessible na mga pasilidad palikuran
- Bloke ng mga pasilidad
- Lugar na pang-barbekyu
- Mga silid-bihisan
- Mga pangkalahatang basurahan
- Paradahan
- Mga silungan para sa piknik
- Palaruan
- Mga palikuran

## Pangkalahatang mga katanungan

(07) 3205 0555

council@moretonbay.qld.gov.au

## Kaugnay na impormasyon